# ANG PANLIPUNANG PANANAW NI JOSE W. DIOKNO

Isang Disertasyon

Na Ipinasa sa Kaguruan ng

Kagawaran ng Teolohiya at Edukasyong Panrelihiyon

Dalubhasaan ng Malalayang Sining

Pamantasang De La Salle - Maynila

19 JUN 2004

Bilang Bahagi ng mga

Itinakdang Gawain sa Kursong

Doctor of Education

Major in Religious Education and Values Education

Ni

Bernardo N. Sepeda

Mayo, 2004

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

## BUOD NG PAG-AARAL

## ANG PANLIPUNANG PANANAW NI KA PEPE

### I. ANG LAYUNIN NG PAG-AAARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilahad ang panlipunang pananaw ni Jose W. Diokno na hinabi mula sa kanyang panlipunang kaisipan at pakikisangkot at ipakita ang maaaring maging ambag nito sa pagpapanibago ng Edukasyon sa Pilipinas, partikular sa mga larangan ng Edukasyong Panrelihiyon at Edukasyon ng Pagpapahalaga.

### II. MGA KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Una, makakatulong ito upang maipakilala at maipalaganap ang mga makabayang diwa, panlipunang pananaw at buhay ng mga bayaning Pilipino sa kasalukuyang panahon sa katauhan ni Ka Pepe.

Ikalawa, makapagpapayabong ito sa pagsusulong ng mga pananaliksik sa kaisipan, kultura, kamalayan at lipunang Pilipino na tinaguriang Pilipinolohiya.

Ikatlo, ito ay isang kongkretong tugon sa hamon ng Kapulungan ng mga Obispo para sa larangan ng edukasyon na maging "daluyan ng pagpapanibago ng puso, tagapaghanda ng isang mapanuring pag-unawa, at tagahamon sa lipunang kinabibilangan… at sa mga pinahahalagahan nito."

Ang panghuli ay may kinalaman sa patuloy na pagsusulong ng paggamit ng ating sariling wika sa pananaliksik at sa artikulasyon ng ating pag-unawa sa ating pananampalataya, kaisipan, kamalayan, kultura at lipunan.

### III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ito ay isang paglalarawan na gumamit ng metodolohiyang sosyolohikal at historikal. Ito ay sosyo-historikal dahil binalikan ang kasaysayan upang sariwain ang larawan ng kalagayang panlipunan kung saan hinubog ang pagkatao, kaisipan at paninindigan ni Ka Pepe. Sa paglalahad, sinubukang himayin, suriin at ilarawan ang panlipunang kaisipan at pakikisangkot ni Jose W. Diokno mula sa mga dokumento, talumpati, liham, pahayag, vidyo at mga monograp na isinulat niya o tungkol sa kanya at mula sa mga pagkilos na ginawa niya.

Tungkol kay Ka Pepe, sinuri ang kanyang mga isinulat na talumpati, liham, artikulo, monograp at iba pang mga primaryang dokumento na may kinalaman sa kanyang panlipunang pananaw. Nakatulong din ang mga dokumento mula sa kanyang mga itinatag na organisayon gaya ng FLAG at KAAKBAY. Isa pang mahalagang batis ng datos ay ang mga nakuha sa "pagtatanong-tanong" at mga panayam na ginawa. Sumailalim ang mga datos sa isang dokumentaryong pagsusuri at historikal na pagtatasa sa tulong ng mga kaisipan ng iba pang mga makabayang Pilipino tulad nina Recto, Tanada, Constantino, at Salonga.

## IV. MGA NATUKLASAN

Sa ikalawang kabanata ay inilarawan ang pagkahubog ng pagkatao ni Ka Pepe bilang isang makabayang Pilipino. Bilang paglalagom sa kabanata, inilarawan din siya bilang isang ganap na Lasaylano, tapat na Pilipino at mabuting Kristiyano.

Sa ikatlong kabanata ay inilahad ang diwa ng pagkamakabayan ni Ka Pepe na masasabing siyang lupang tinaniman ng kanyang panlipunang pananaw. Ito ay isang pagkamakabayang maka-Pilipino na dumadaloy mula sa kasaysayan ng mga dakilang bayani ng himagsikan laban sa mga dayuhang mananakop.

Sa ika-apat na kabanata ay sinuri ang panlipunang pananaw ni Ka Pepe mula sa kanyang mga panlipunang kaisipan at sa kanyang mga panlipunang pakikisangkot. Sa unang bahagi ay inilahad at sinuri muna ang kanyang mga kaisipan tungkol sa tao at lipunan na masasabing pundasyon ng kanyang mga kaisipan tungkol sa iba't-ibang aspeto ng lipunan. Pagkatapos ay inilahad at sinuri ang kanyang mga kaisipang pang-ekonomiya, pampulitika, at pangkultura. Sa ikalawang bahagi ay inilahad at sinuri ang panlipunang pakikisangkot ni Ka Pepe base sa mga kilusan at organisasyon na kanyang itinatag o kinasangkutan sa kanyang mga pakikibaka para sa karapatang pantao, para sa ganap na soberanya, at para sa tunay na demokrasya. At sa kabuuan, ang nahabing panlipunang pananaw ni Ka Pepe ay isang pangarap na bayang dakila, malaya, makatarungan, makapagmamalaki, nagsasarili, at marangal. Isang bayan para sa ating mga anak.

Sa ikalimang kabanata ipinakita na upang mapangyari ang bayang pinangarap ni Ka Pepe, nangangailangan ng pagpapanibago sa lipunan. At edukasyon ang susi upang mapangyari ito. Ang hamon ng pagpapanibago ay isang alternatibong edukasyon na holistiko o buo, kritikal, malaya at mapagpalaya, makabayan o maka-Pilipino, makatao, at maka-Diyos. Samakatuwid, ang edukasyong panrelihiyon at edukasyon ng pagpapahalaga ay hinahamon ding magpanibago upang ang pangarap na bayan ni Ka Pepe ay ating masilayan.

# MGA NILALAMAN


KABANATA PAHINA

UNA **ANG KALIGIRAN NG PAG-AARAL**..........................10

PANIMULA.....................................................10
Kahalagahan ng mga Bayani sa Kasalukuyan Panahon..............................................10
Hamon sa Edukasyon at Pananaliksik................16
Si Ka Pepe: Isang Bayani sa Kasalukuyang Panahon..............................................13
Kahalagahan ng Pag-aaral...............................18
PAGBABALIK-TANAW SA MGA KAUGNAY NA LITERATURA................................................20
Panlipunang Pananaw ng Simbahan sa Pilipinas.....21
Panlipunang Pananaw sa Teolohiya....................25
Teolohiyang pumipiglas: Pagsasabuhay ng isang panlipunang pananaw.......................27
Hamon sa teolohiya sa kasalukuyan...........29
Mga Pananaliksik sa Agham Panlipunan...............32
BATAYANG TEORETIKAL NG PAG-AARAL.............35
PAGLALAHAD NG SULIRANIN..............................39
METODOLOHIYA NG PAG-AARAL.........................40
Ang Paraan ng Pangangalap ng Datos...................41
Ang mga Batis ng Datos.....................................41
Ang Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos..............43
Isang Pasintabi...................................................43

IKALAWA **ANG BUHAY NI KA PEPE: ISANG IDEOLOHIKAL NA KASAYSAYAN**..........................................................45

PANAHON NG PAGHAHASIK.................................46
Mga Ninuno ni Ka Pepe......................................46
Intelektwal na Paghuhubog.................................49
Muling Pagsilang ng Pagkamakabayan................51
Buod: Yugto ng Isang Makabayang Kaisipan.........53
PANAHON NG PAGSIBOL.......................................53
Unang Suloy.......................................................53
Lantarang Pakikialam ng Estados Unidos..............55
Kontrobersiyang Stonehill....................................56
Patuloy na Pagsibol.............................................57

Pagyabong ng Suloy....................................58
Buod: Yugto ng Makabayang Paninindigan............61
PANAHON NG PAGLAGO....................................62
Simula ng Paglago....................................62
Isang Trono ng Bayoneta....................................65
Ang Batas Militar: Isang Sangan-daan....................66
Tagapag-buo at Tagapag-isa....................................67
Ang Pagpaslang kay Ninoy Aquino Jr....................71
Payapa Bago ang Sigwa....................................72
Buod: Yugto ng Makabayang Pakikisangkot............74
PANAHON NG PAMUMUNGA....................................75
"Rebolusyon" sa EDSA Noong 1986....................75
Huling Tuwa, Huling Luha....................................77
Pagpapatuloy ng Pamana ni Ka Pepe....................81
Buod: Yugto ng Makabayang Pagkatao....................84
SI JOSE "KA PEPE" DIOKNO: ISANG HUWARANG MAKABAYAN....................................85
Isang Lasalyano....................................85
Isang Tapat na Pilipino....................................90
Isang Kristiyano....................................92

**IKATLO** **ANG DIWA NG PAGKAMAKABAYAN NI KA PEPE**....................................96

ANG PAGKABUO NG PAGKAMAKABAYANG PILIPINO....................................97
Panahon ng Pagsilang....................................98
Panahon ng mga Amerikano....................................101
Panahon ng mga Hapon....................................104
Panahon ng Muling Pagsilang....................................105
Buod: Ang Pagkamakabayang Pilipino....................106
ANG DIWA NG PAGKAMAKABAYAN NI KA PEPE....................................107
Pang-ekonomiyang Pagkamakabayan....................108
Minanang Pagkamakabayan....................................112
Maka-Pilipinong Pagkamakabayan....................116
Buod: Ang Pagkamakabayan ni Ka Pepe....................120

**IKAAPAT** **ANG PANLIPUNANG PANANAW NI KA PEPE**........122

ANG PANLIPUNANG KAISIPAN NI KA PEPE..............122

MGA KAISIPAN TUNGKOL SA TAO

AT SA LIPUNAN....................................................122
Konsepto ng Tao...............................................122
Karapatang Pang-indibidwal..........................122
Karapatang Pangsambayanan.........................122
Kosepto ng Lipunan............................................128
Mga Kabalintunaan sa Lipunan.....................129
Pagsusuri..............................................................132
KAISIPANG PANG-EKONOMIYA NI KA PEPE..........137
Konsepto ng Ekonomiya....................................137
Konsepto ng Kaunlarang Pang-ekonomiya...........142
Mga Estratehiya ng Kaunlarang Pang-ekonomiya...............................146
Papel ng mga Banyagang Mamumuhunan.................................149
Pagsusuri..............................................................153
KAISIPANG PAMPULITIKA NI KA PEPE.................158
Konsepto ng Soberanya......................................159
Ang Base Militar ng Estados Unidos sa Pilipinas.......................................162
Si Ka Pepe at ang mga Base Militar ng EU..........................................................165
Konsepto ng Gobyerno........................................173
Tungkol sa Batas Militar.........................175
Konsepto ng Batas..............................................181
Hamon sa mga Manananggol..................184
Isang Mapayapang Pakikibaka...........................187
Pagsusuri..............................................................191
KAISIPANG PANGKULTURA NI KA PEPE.............196
Konsepto ng Edukasyon.....................................197
Tungkol sa Pagpapakatao..................................205
Tungkol sa mga Bayani......................................207
Tungkol sa Pagiging Kristiyano.........................209
Pagsusuri..............................................................214

ANG PANLIPUNANG PAKIKISANGKOT NI KA PEPE..............................................................219

PAKIKIBAKA PARA SA KARAPATANG PANTAO..........................................................219
Free Legal Assistance Group...........................220
Developmental Legal Aid/Advocacy..........226
Mga Serbisyo ng FLAG.......................229
Regional Council on Human Rights in Asia...........231

PAKIKIBAKA PARA SA GANAP NA SOBERANYA AT KASARINLAN....233
Anti-Bases Coalition....233
Civil Liberties Union of the Philippines....235
PAKIKIBAKA PARA SA TUNAY NA DEMOKRASYA....237
Kilusan sa Kapangyarihan at Karapatan ng Bayan....240
Pagsusuri....241
PAGLALAGOM: ANG PANLIPUNANG PANANAW NI KA PEPE....243

**IKALIMA MGA HAMON, KALAGUMAN AT MGA MUNGKAHI**....249

HAMON SA EDUKASYON....251
Ang Edukasyon sa Kasalukuyan....255
Alternatibong Edukasyon....260
Implikasyon sa Edukasyong Panrelihiyon....263
Implikasyon sa Edukasyon ng Pagpapahalaga....270
PANGKALAHATANG KALAGUMAN....272
MGA MUNGKAHI....274

**SANGGUNIAN**....277

**APENDIKS**....290

AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines